**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 8, 311-323




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Salamisim: Sipat-Suri sa adaptasyong teleseryeng Maria Clara at Ibarra batay sa Nobelang Noli Me Tangere sa lente ng seksismo

Tumacder, Jenny Rose Oronos ✉
*Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines (tumacder.jenny.neust@gmail.com)*
Ramos, Aleah
*Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines (aleahramos459@gmail.com)*

**Received**: 14 April 2025 **Revised**: 25 April 2025 **Accepted**: 30 April 2025
**Available Online**: 2 May 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25068

***Abstract***

This research paper focuses on the analysis of the television series Maria Clara at Ibarra, which is based on the novel Noli Me Tangere, through a new lens—sexism. This study aims to serve as a bridge to encourage Filipino youth to re-engage with Philippine literature and to deepen their understanding of gender discrimination. Utilizing Gadamer's Phenomenological Hermeneutics Theory, the research illustrates the context of the teleserye, identifies the main characters who portrayed sexist behaviors, highlights the differences between the teleserye and the novel, and explores the implications of these differences for the Filipino youth. A phenomenological descriptive method and content analysis were employed to examine significant insights from both works. Based on the research, it was found that ten characters displayed sexist behavior across thirteen scenes, corresponding to four chapters of the novel. The study also revealed that the teleserye had a positive impact on the mental, emotional, moral, and social aspects of Filipino youth. In line with this, the research recommends the use of the video podcast and the teleserye itself as instructional materials in Filipino classes, as well as in other subjects such as Social Studies and Values Education. The goal is to raise awareness among Filipino youth about gender discrimination and the historical context of our nation. The researchers hope that studies like this and the production of similar teleseryes will continue in the future.

***Keywords:*** youth, novel, analysis, sexism, television series

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Salamisim: Sipat-Suri sa adaptasyong teleseryeng Maria Clara at Ibarra batay sa Nobelang Noli Me Tangere sa lente ng seksismo


## 1. Abstrak

Ang papel pananaliksik na ito ay tungkol sa pagsusuri ng Teleseryeng Maria Clara at Ibarra na batay sa nobelang Noli Me Tangere sa panibagong lente- ang seksismo. Ito ang magiging tulay upang mabigyan ng daan na tangkiliking muli ng kabataan ang panitikang Pilipino at magkaroon pa nang mas malalim na pag-unawa sa diskriminasyong pangkasarian. Sa pamamagitan ng Teoryang *Phenomenological Hermeneutics* ni Gadamer ay nailarawan ang konteksto ng teleserye, ang mga pangunahing tauhan na nagpakita ng seksismo, ang mga kaibahang naganap sa teleserye na batay sa nobela at ang mga implikasyon nito sa kabataang Pilipino. Ito ay gumamit ng *Phenomenological* na deskriptibong pamamaraan at pangnilalamang pagsusuri upang masipat ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa dalawang akda. Batay sa pananaliksik, natuklasan na mayroong sampung tauhan ang nagpakita ng seksismo sa loob ng labing tatlong eksena na mayroong apat na katumbas na kabanata sa nobela. Napag-alaman din na ang teleseryeng ito ay may positibong epekto sa mental, emosyonal, moral at sosyal na aspekto ng kabataang Pilipino. Kaugnay nito, nirekomenda ng pananaliksik na gamiting panturo ang nagawang *video podcast* at mismong teleserye sa asignaturang Filipino at sa iba pang asignatura tulad ng Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao. Ito ay naglalayong mamulat sa realidad ang mga kabataang Pilipino ukol sa diskriminasyong pangkasarian, gayundin sa kasaysayan ng ating bansa. Hangad ng mga mananaliksik na maipagpatuloy pa ang ganitong pag-aaral at pagpapalabas ng ganitong uri ng teleserye sa telebisyon.


***Susing Salita:*** kabataan, nobela, pagsusuri, seksismo, teleserye

## 2. Introduksyon

Sa mabilis na pag-usbong ng teknolohiya sa kasalukuyang henerasyon, kapansin-pansin ang patuloy na pagbaba ng interes ng mga tao sa pagbabasa, lalo na pagdating sa panitikang Pilipino. Ang iba't ibang midya, partikular na ang telebisyon at internet, ay naging pangunahing libangan at nagbunsod ng pagtuon ng pansin ng maraming Pilipino sa mga dayuhang akda, musika, pelikula, at teleserye. Dahil dito, unti-unting nawawala ang pagpapahalaga sa sariling literatura at kulturang Pilipino. Ayon kay Aranda (2014), ang telebisyon ay isang mahalagang uri ng libangan na may malaking impluwensya sa lahat ng tao. Ginagamit ito hindi lamang bilang pampalipas-oras kundi pati na rin bilang instrumento upang matuto, magkaroon ng kaalaman, at makapagpahinga (Perez, et al., 2016). Isa sa pinakapopular na anyo ng programa sa telebisyon ay ang teleserye. Taglay nito ang iba't ibang temang may kaugnayan sa tunay na buhay ng mga Pilipino, tulad ng pag-ibig, pamilya, komedya, at katatakutan, kaya naman ito ay patuloy na tinatangkilik ng mga manonood anuman ang edad o kasarian.

Bagamat malaki ang naging epekto ng mga banyagang teleserye sa panlasa ng mga Pilipino, maaari rin itong maging daan upang muling mapukaw ang interes sa sariling panitikan at kasaysayan. Noong Oktubre 3, 2022, inilabas ng GMA Network ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*, na hango sa mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal. Ang modernisadong bersyon ng mga klasikong akdang ito ay nagbigay ng bagong timpla na nakaakit sa masa, dahilan upang ito ay tumagal ng dalawampung linggo sa telebisyon at kalaunan ay maging bahagi ng Netflix. Sa pamamagitan ng teleseryeng ito, muling naipakilala sa publiko ang kasaysayan, kultura, at tradisyon ng mga Pilipino, na nagbigay-daan upang lalong mapahalagahan ang sariling identidad.

Isa sa mahahalagang aspektong tinalakay sa *Maria Clara at Ibarra* ay ang isyu ng seksismo o diskriminasyon batay sa kasarian. Sa panahon ng pananakop ng mga Kastila, malinaw ang di-pantay na pagtingin sa kababaihan at kalalakihan—isang realidad na itinampok sa mga akda ni Rizal at muling isinabuhay sa teleserye. Ang

pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang paglalahad ng seksismo sa teleserye at ihambing ito sa orihinal na paglalarawan sa mga nobela ni Rizal noong 1887. Layunin din nitong pag-aralan ang implikasyon ng mga pagbabagong ito sa mental, emosyonal, moral, at sosyal na aspekto ng kabataang Pilipino.

Bukod sa pagpapalalim ng pag-unawa sa isyu ng diskriminasyong pangkasarian, ang pananaliksik na ito ay makatutulong din sa mga guro, magulang, at iba pang miyembro ng komunidad sa pagpapahalaga sa sariling panitikan at kasaysayan. Alinsunod ito sa Sustainable Development Goals (SDG) ng Pilipinas, partikular ang SDG #5 (Gender Equality) na naglalayong ituwid ang maling pananaw sa gampanin ng bawat kasarian at wakasan ang diskriminasyon laban sa kababaihan. Kaugnay rin nito ang SDG #4 (Quality Education), kung saan makatutulong ang pananaliksik na ito sa pagbibigay ng mas makabuluhang pananaw ukol sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, na siyang pundasyon ng asignaturang Filipino sa sekondarya.

Ginamit sa pananaliksik na ito ang teoryang Phenomenological Hermeneutics nina Martin Heidegger at Hans-Georg Gadamer. Ayon kay Heidegger sa kanyang akdang *Being and Time*, ang tunay na pag-unawa sa kasaysayan ay isang proseso ng pag-uulit at muling pakikibaka sa nakaraan upang maituwid ang mga pagkakamali para sa hinaharap. Ang teoryang ito ay makatutulong sa pagsusuri ng seksismo sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga karanasan ng mga Pilipino noong panahon ng Kastila at sa kasalukuyang lipunan sa pamamagitan ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*.

Higit sa lahat, hangad ng pananaliksik na ito na hindi lamang buksan ang kamalayan ng publiko sa diskriminasyong pangkasarian kundi maibalik din ang diwa ng nasyonalismo sa bawat Pilipino. Sa pamamagitan ng muling pagpapahalaga sa sariling panitikan at teleserye, maipakikita na ang mga Pilipino ay may kakayahan ding lumikha ng makabuluhang obra na sumasalamin sa tunay na buhay at karanasan ng ating bayan. Umaasa ang mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magiging mahalagang kontribusyon sa pag-unawa sa mensahe ng *Noli Me Tangere* at sa kaugnayan nito sa kasalukuyang lipunan, partikular sa usapin ng kasarian at pagkakapantay-pantay.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masusing siyasatin at suriin ang adaptasyong teleserye ng *Maria Clara at Ibarra* batay sa *Noli Me Tangere* ni Dr. Jose Rizal sa perspektibo ng seksismo. Layunin ng pag-aaral na ito na:

- Mailarawan ang kontekstong panlipunan, historikal, at kultural na kinapapalooban ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*;
- Masuri ang representasyon ng seksismo sa katauhan ng mga pangunahing tauhan sa teleserye;
- Maitukoy at mailarawan ang mga pangunahing kaibahan sa naratibo at karakterisasyon ng teleserye kumpara sa orihinal na nobelang *Noli Me Tangere*;
- Matukoy ang mga implikasyon ng seksismong matatagpuan sa teleserye sa kasalukuyang henerasyon ng mga kabataang Pilipino, partikular sa mga aspekto ng: Kaisipan o mental na kalusugan, Emosyonal na katatagan, Moral na pag-unawa, at panlipunang ugnayan.

## 3. Metodolohiya

Ito ay isinagawa ayon sa ***Phenomenological Qualitative Research Approach***, isang uri ng pananaliksik na naglalayong alamin at unawain ang pagpapakahulugan sa isang pangyayari. Ang disenyong ito ng pag-aaral ay makatutulong sa mananaliksik upang ipagpalagay ang mga pagpapakulugan ng mga tao sa simbolismo ng seksismo sa mga eksena at tauhan sa nobelang Noli Me Tangere at Teleseryeng Maria Clara. Makakatulong ang disenyong ito sa pagbibigay kahulugan sa damdamin, pananaw, at opinyon sa sinisiyasat ng mga taong kasangkot. Ang pamamaraan na ginamit ay deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik na nasa anyong *content analysis* bilang paraan sa paglalarawan ng nobela at teleserye. Gamit ang disenyong ito ay sisipatin at susuriin ng mga mananaliksik ang mga piling episodyo sa teleserye sa lente ng seksismo upang mailarawan kung paano

inilahad sa teleserye ang mga pagtingin sa bawat kasarian. At mula rito ay susuriin din ang nobela upang matukoy ang pagkakaiba ng orihinal na akda sa lente ng seksimo. Ang nalikom at nakalap na datos ay ginamit upang matukoy ang implikasyon ng seksismo sa teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa kasalukuyang henerasyon ng kabataan, partikular na sa labinlimang mag-aaral mula sa Kolehiyo ng edukasyon na kumukuha ng medyor sa Social Studies na mula sa unang taon hanggang ikatlong taon sa kolehiyo. Sa pamamagitan ng pakikipanayam o interview ay matagumpay na natukoy ng mga mananaliksik ang implikasyon ng teleseryeng Maria Clara at Ibarra.

## 4. Resulta

Ipinapakita sa kabanatang ito ang pagsusuring tekstuwal at paggamit ng talahanayan upang ilahad ang mga tauhan, eksena, at simbolismo sa teleseryeng "Maria Clara at Ibarra" (batay sa "Noli Me Tangere") na nagpapakita ng seksismo. Tatalakayin din dito ang pagkakaiba at pagkakatulad ng representasyon ng seksismo sa teleserye at nobela, pati na ang implikasyon nito sa kasalukuyang henerasyon.

**Talahayanan Blg. 1**

***Kontekstong kinapapalooban ng Teleseryeng Maria Clara at Ibarra.***

***Pangunahing Impormasyon sa Teleseryeng Maria Clara at Ibarra***

| *Pamagat* | Konteksto |
|---|---|
| *Pamagat ng Teleserye* | Maria Clara at Ibarra |
| *Taon kung kailan ipinalabas at natapos* | Ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay ipinalabas noong Oktubre 3, 2022 at nagtapos noong Pebrero 24, 2023. |
| *Bilang ng mga episodyo* | May kabuuang 105 na episodyo: 81 para sa Noli Me Tangere at 24 para sa El Filibusterismo. |

**Talahanayan Blg. 2**

**Impormasyon Tungkol sa mga Naging Pundasyon ng Teleserye**

| *Direktor / Manunulat / Network* | *Konteksto* |
|---|---|
| *Pangalan ng Direktor* | Si Zig Dulay ay isang award-winning screenwriter, editor, at direktor. Siya ang direktor ng teleseryeng Maria Clara at Ibarra. |
| *Tema ng mga palabas ng director* | Karaniwang tumatalakay sa romansa, drama, at pantasya. |
| *Pangalan ng mga Manunulat ng Iskrip* | Suzette Doctolero, J-mee Katanyag, Brylle Tabora, Benson Logronio, Melchor Escarcha, at Zita Garganera. |
| *Network* | GMA Network |

**Talahanayan Blg.3**

**Mga Pangunahing Tauhan sa Teleserye**

| *Tauhan* | *Paglalarawan* |
|---|---|
| *Klay Infantes* | Si Barbie Forteza ay gumanap bilang isang Gen Z nursing student na pumasok sa mundo ng mga nobela ni Rizal. |
| *Crisostomo Ibarra* | Si Dennis Trillo ay gumanap bilang Filipino-mestizo na bumalik mula Europa upang magsilbi sa bayan. |
| *Maria Clara Delos Santos* | Si Julie Anne San Jose ay gumanap bilang kasintahan ni Ibarra, larawan ng babaeng sunod-sunuran sa lipunan. |
| *Fidel Delos Reyes* | Si David Licauco ay gumanap bilang kaibigan ni Ibarra, pilyo at matalino, ngunit madalas kaalitan ni Klay. |
| *Padre Damaso* | Si Tirso Cruz III ay gumanap bilang malupit na prayle at ama ni Maria Clara. |
| *Padre Salvi* | Si Juancho Trivino ay gumanap bilang kura na may lihim na pagtingin kay Maria Clara. |

**Talahanayan Blg. 4**

**Pangunahing Mensahe ng Teleserye**

| *Tema* | *Paliwanag* |
|---|---|
| *Pag-ibig* | Ipinakita sa iba't ibang anyo: sa kasintahan, pamilya, kaibigan, at bayan. |
| *Kalupitan ng Pamahalaan* | Ipinakita ang hindi pantay na trato sa mga kababaihan at mahihina sa lipunan. |
| *Diskriminasyong Pangkasarian* | Katulad ng orihinal na nobela, hayag ang seksismo at pagmamalupit sa mga Indio. |

***Sintesis***

Ang *Maria Clara at Ibarra* ay isang makabagong teleserye na nagsilbing muling pagbasa sa mga klasikal na nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal. Inilunsad ito noong Oktubre 3, 2022 at nagtapos noong Pebrero 24, 2023, sa kabuuang 105 na episodyo. Ipinakita nito ang malikhaing pag-uugnay ng kasalukuyang henerasyon—sa katauhan ni Klay, isang estudyanteng Gen Z—sa kontekstong kolonyal ng ika-19 na siglo. Sa pamumuno ni Zig Dulay bilang direktor, na kilala sa kanyang mga obrang may temang pantasya, romansa, at drama, nabigyan ng makabuluhang interpretasyon ang panitikan ni Rizal para sa mas malawak na madla. Ang mga manunulat na sina Suzette Doctolero at iba pa ay matagumpay na nakapagbuo ng isang naratibong nananatiling tapat sa orihinal na konteksto ng mga nobela habang ito'y iniangkop sa sensibilidad ng makabagong panahon. Ipinalabas ito sa GMA Network, na kilala sa pagbibigay-tuon sa mga teleseryeng may historikal at kultural na kabuluhan.

Ang mga pangunahing tauhan ay nagsilbing representasyon ng iba't ibang pananaw at saloobin hinggil sa kasarian, kapangyarihan, at lipunan. Sa katauhan ni Klay, na isang babaeng moderno at mapagmalasakit, naipakita ang pagkakabangga ng tradisyonal at progresibong pananaw sa kababaihan. Samantalang si Maria Clara ay nanatiling simbolo ng tradisyunal na imahen ng Pilipinang mahinhin at masunurin, si Fidel, Ibarra, at ang mga paring Kastila ay sumasalamin sa iba't ibang mukha ng patriyarkal na kapangyarihan. Ang teleserye ay may tatlong pangunahing tema: pag-ibig, kalupitan ng pamahalaan, at diskriminasyong pangkasarian. Sa temang pag-ibig, naipamalas ang iba't ibang anyo nito—mula sa romansa hanggang sa makabayang pagmamahal. Samantalang sa aspektong politikal at panlipunan, naging daan ang teleserye upang maipakita ang lantarang diskriminasyon sa kababaihan at mga mamamayang Indio sa ilalim ng kolonyal na pamahalaan.

Ang *Maria Clara at Ibarra* ay hindi lamang isang malikhaing adaptasyon ng mga klasikong akda, kundi isa ring kritikal na komentaryo sa mga isyung panlipunan na hanggang sa ngayon ay patuloy na nararanasan, lalo na ng mga kababaihan. Ang pagsusuri sa kontekstong kinapapalooban ng teleserye ay nagpapakita ng kahalagahan ng midya bilang kasangkapan sa muling pagbuhay at pagtalakay sa mga usaping historikal at kontemporaryo.

**Talahanayan Blg. 5**

**Mga Tauhan at Eksena sa Teleserye na Nagpapakita ng Seksismo**

Buod ng labing limang (15) eksena mula sa labing tatlong (13) episodyo na nagpapakita ng seksismo:

| Episodyo | Tauhan | Eksena | Dayalogo |
|---|---|---|---|
| **2** | Padre Damaso | Pinutol ang buhok ng isang babae. | "Mayroon pa rin palang kahihiyan ang isang babaeng bayaran..." |
| **3** | Amigo | Minaliit ang mga edukadong babae. | "Ang babaeng nagtapos sa unibersidad ay tila magiging sakit sa ulo..." |
| **8** | Fidel | Hinamak ang kaalaman ni Klay. | "Ano ba ang alam ng isang babaeng gaya mo sa negosyo?" |
| **19** | Maria Clara | Pinatigil si Sinang sa pagrereklamo. | "Hindi rin maganda na tayo'y labas nang labas." |
| **32** | Tiya Isabel | Tinuruan si Maria Clara sa gawaing bahay. | "...para mapagsilbihan nila ang kanilang mga mapapangasawa." |
| **33** | Tiya Isabel | Hinusgahan si Klay. | "Isa ka bang tulisan o babaeng bayaran?" |
| **34** | Tiya Isabel | Tinawag si Klay na ligaw na hayop. | "Hindi mo matuturuan na ligaw na hayop..." |
| **35** | Sinang | Tinawanan si Klay. | "Napakalayo niya sa atin." |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **35** | **Kapitan Basilio** | **Minaliit ang opinyon ni Klay.** | **"Kalokohan. Hanggang bahay lang ang mga babae."** |
| **36** | Kapitana Tika | Tinawag si Klay na mangkukulam. | "Ang babaeng ito ay isang mangkukulam." |
| **49** | Kapitan Tiyago | Sinermunan sina Maria Clara. | "Para kayong hindi mga babae... nakakahiya." |
| **54** | Tiya Isabel | Pinatahimik si Maria Clara. | "May mga bagay na hindi dapat inaalam ng babae..." |
| **54** | Ibarra | Humingi ng paumanhin sa pagluha. | "Paumanhin Binibining Klay." |
| **58** | Fidel | Nagmayabang sa babae. | "Kung ibang babae ang sinuyo ko..." |
| **63** | Tiya Isabel | Paliwanag sa pag-aasawa. | "Ang lalaki ay tumitino raw kapag magkakapamilya." |

***Sintesis***

Ang Talahanayan Blg. 5 ay nagbubunyag ng lantad at malalim na anyo ng seksismo na umiiral sa iba't ibang eksena at dayalogo sa teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*. Sa pamamagitan ng piling eksena mula sa labintatlong episodyo, natukoy ang mga tauhan—parehong kalalakihan at kababaihan—na nagpapalaganap ng diskriminasyong pangkasarian sa anyo ng panlalait, panunupil, at pagkulong sa kababaihan sa makaluma at limitadong papel sa lipunan. Sa mga eksenang ito, nabigyang-diin ang patriyarkal na estruktura ng lipunang kolonyal kung saan ang kababaihan ay itinuturing na mahina, walang kakayahan sa pagdedesisyon, at nararapat lamang manatili sa loob ng tahanan. Mula sa pisikal na pananakit ni Padre Damaso, hanggang sa mapanlinlang na pananalita nina Kapitan Basilio at Kapitana Tika, maliwanag ang kultura ng pagsikil sa babae. Maging ang mga babaeng tauhan tulad nina Tiya Isabel at Sinang ay nagsilbing kasangkapan sa pagpapatibay ng sistemang ito, sa pamamagitan ng mga salitang nagpapatahimik, humuhusga, at nagtuturo ng konserbatibong papel ng babae. Ang mga insidenteng ito ay hindi lamang nagsisilbing representasyon ng kasaysayan kundi nagbibigay rin ng komentaryong panlipunan ukol sa patuloy na pag-iral ng seksismo sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng feministang pagbasa, ang mga eksena ay nagsisilbing salamin ng panlipunang realidad at mabisang midyum sa pagpapalalim ng kamalayan ng manonood, lalo na ng kabataang Pilipino, hinggil sa mga usaping may kinalaman sa kasarian, kapangyarihan, at karapatang pantao.

**Talahanayan Blg. 6**

**Ang Pangunahing Impormasyon, Tauhan, Tema, at Seksismo sa Teleseryeng *Maria Clara at Ibarra***

1. Pangunahing Impormasyon sa Teleserye

| Kategorya | Konteksto |
|---|---|
| Pamagat ng Teleserye | *Maria Clara at Ibarra* |
| Taon ng Pagpapalabas | Ipinalabas mula Oktubre 3, 2022 hanggang Pebrero 24, 2023. |
| Kabuuang Bilang ng Episodyo | 105 na episodyo: 81 mula sa *Noli Me Tangere* at 24 mula sa *El Filibusterismo*. |

2. Pundasyon ng Teleserye

| Kategorya | Konteksto |
|---|---|
| Direktor | Si Zig Madamba Dulay ay isang award-winning screenwriter, editor, at direktor. Kilala siya sa mga programang *Sahaya*, *Legal Wives*, at *Maria Clara at Ibarra*. |
| Tema ng mga Palabas ng Direktor | Romansa, drama, at pantasya. |
| Mga Manunulat ng Iskrip | Suzette Doctolero, J-mee Katanyag, Brylle Tabora, Benson Logronio, Melchor Escarcha, Zita Garganera. |
| Network | GMA Network. Isinahimpapawid ang teleserye bilang isang seryeng pantasya. |

3. Mga Pangunahing Tauhan

| Tauhan | Paglalarawan |
|---|---|
| Klay Infantes | Gumanap si Barbie Forteza bilang isang Gen Z nursing student na napunta sa mundo ng mga nobela ni Rizal. |
| Crisostomo Ibarra | Si Dennis Trillo bilang isang Filipino-mestizo na nagbalik mula Europa upang magsilbi sa bayan. |
| Maria Clara Delos Santos | Si Julie Anne San Jose bilang kasintahan ni Ibarra at representasyon ng babaeng sunod-sunuran sa panahong kolonyal. |
| Fidel Delos Reyes | Si David Licauco bilang pilyo ngunit matalinong kaibigan ni Ibarra. Madalas kaalitan ni Klay. |
| Padre Damaso | Si Tirso Cruz III bilang malupit na prayle at ama ni Maria Clara. |
| Padre Salvi | Si Juancho Trivino bilang kura na may lihim na pagtingin kay Maria Clara. |

4. Pangunahing Tema ng Teleserye

| Tema | Paliwanag |
|---|---|
| Pag-ibig | Ipinakita sa iba't ibang anyo: sa kasintahan, pamilya, kaibigan, at bayan. |
| Kalupitan ng Pamahalaan | Naipakita ang kawalan ng pagkakapantay-pantay sa lipunan, lalo na sa kababaihan. |
| Diskriminasyong Pangkasarian | Inilahad ang seksismo at pagmamalupit ng mga kolonyal na awtoridad sa mga Indio. |

5. Seksismo sa mga Eksena ng Teleserye

| Episodyo | Tauhan | Eksena | Dayalogo |
|---|---|---|---|
| 2 | Padre Damaso | Pinahiya at pinutol ang buhok ng isang babae | "Mayroon pa rin palang kahihiyan ang isang babaeng bayaran…" |
| 3 | Amigo | Minaliit ang mga edukadong babae | "Ang babaeng nagtapos sa unibersidad ay tila magiging sakit sa ulo…" |
| 8 | Fidel | Hinamak ang kakayahan ni Klay | "Ano ba ang alam ng isang babaeng gaya mo sa negosyo?" |
| 19 | Maria Clara | Pinatigil si Sinang sa pagrereklamo | "Hindi rin maganda na tayo'y labas nang labas." |
| 32 | Tiya Isabel | Tinuruan si Maria Clara ng gawaing bahay | "Para mapagsilbihan nila ang kanilang mga mapapangasawa." |
| 33 | Tiya Isabel | Hinusgahan si Klay | "Isa ka bang tulisan o babaeng bayaran?" |
| 34 | Tiya Isabel | Tinawag si Klay na ligaw na hayop | "Hindi mo matuturuan na ligaw na hayop…" |
| 35 | Sinang | Tinawanan si Klay | "Napakalayo niya sa atin." |
| 35 | Kapitan Basilio | Minaliit ang opinyon ni Klay | "Kalokohan. Hanggang bahay lang ang mga babae." |
| 36 | Kapitana Tika | Tinawag si Klay na mangkukulam | "Ang babaeng ito ay isang mangkukulam." |
| 49 | Kapitan Tiyago | Sinermunan sina Maria Clara | "Para kayong hindi mga babae… nakakahiya." |
| 54 | Tiya Isabel | Pinatahimik si Maria Clara | "May mga bagay na hindi dapat inaalam ng babae…" |
| 54 | Ibarra | Humingi ng paumanhin sa pagluha | "Paumanhin Binibining Klay." |
| 58 | Fidel | Nagmayabang sa babae | "Kung ibang babae ang sinuyo ko…" |
| 63 | Tiya Isabel | Paliwanag sa pag-aasawa | "Ang lalaki ay tumitino raw kapag magkakapamilya." |

Ang teleseryeng **Maria Clara at Ibarra**, na ipinalabas mula Oktubre 2022 hanggang Pebrero 2023, ay isang serye na nagsimula bilang isang adaptasyon ng mga nobelang **Noli Me Tangere** at **El Filibusterismo** ni Jose Rizal. Pinangunahan ito ng award-winning na direktor na si Zig Dulay, at isinulat nina Suzette Doctolero at iba pang mga manunulat. Ang teleserye ay tumatalakay sa mga tema ng pag-ibig, kalupitan ng pamahalaan, at diskriminasyong pangkasarian, na may malalim na pagsusuri sa hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan noong panahon ng Kastila. Ang mga pangunahing tauhan tulad nina Klay Infantes, Crisostomo Ibarra, Maria Clara, at iba pa, ay nagbigay buhay sa mga karakter na nagsilbing tagapagsalaysay ng mga isyung panlipunan at panlalaki at pambabae sa konteksto ng kasaysayan ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng mga tauhang ito, ipinakita ang mga hindi pantay na trato at ang seksismo na umiiral sa mga eksena, tulad ng mga paghihiya, pamumuna, at diskriminasyon laban sa mga kababaihan, lalo na sa mga taong lumalaban o kumikilos nang labas sa itinakdang papel ng lipunan. Ang teleserye ay nagsilbing salamin ng patuloy na pagninilay sa mga isyu ng kasaysayan ng Pilipinas, lalo na sa mga aspeto ng pagtingin sa mga kababaihan, sa kanilang mga karapatan, at sa kanilang mga tungkulin sa lipunan. Ang mga eksenang nagpapakita ng seksismo ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga manonood na magtanong at mag-reflect sa mga di-makatawid na tradisyon at pag-uugali na nagpatuloy mula pa sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan.

***Pagkakaiba ng Paglalahad ng Seksismo ng Teleseryeng*** *Maria Clara at Ibarra* ***sa Nobelang*** *Noli Me Tangere*

Buod ng Pagkakaiba at Simbolismo ng mga Eksena sa Teleserye at Nobela

Ang **Maria Clara at Ibarra** teleserye ay isang adaptasyon ng mga nobelang **Noli Me Tangere** at **El Filibusterismo** ni Jose Rizal, na naglalaman ng mga pagbabago sa paglalahad ng seksismo kumpara sa orihinal na akda. Sa pagsusuri ng mga eksena mula sa teleserye at nobela, makikita ang mga pagkakaiba sa simbolismo at tematikong pagsasalarawan ng seksismo sa dalawang akda. Ang teleserye ay may kabuuang 15 eksena na nagpapakita ng seksismo, at sa mga ito, apat na eksena ang tumutumbas sa nobela. Ang mga pagbabago ay nauugnay sa mga tauhang idinagdag lamang sa teleserye tulad ni Klay, na naging mahalaga sa pagpapakita ng seksismo sa makabagong konteksto. Halimbawa, sa **Episodyo 32**, kung saan tinuruan ni Tiya Isabel si Klay ng

tamang pagkilos bilang isang babae, ipinakita ito bilang isang simbolo ng relihiyon at alila sa teleserye, samantalang sa nobela, ang Beateryo ang gumaganap bilang gabay para sa kababaihan. Sa **Episodyo 35**, ang eksena kung saan pinagtatawanan si Klay ng mga amiga ni Maria Clara ay nagpapakita ng mas matinding paghihiwalay ng kasarian, isang tema na naroroon din sa nobela ngunit mas pinapalakas sa teleserye.

Implikasyon ng Seksismo sa Teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa Kabataang Pilipino

***Implikasyon Mental -*** Batay sa resulta ng pakikipanayam sa mga kabataan, ang teleseryeng **Maria Clara at Ibarra** ay nagbigay ng bagong pananaw ukol sa pagtingin sa kababaihan at kalalakihan. Ayon sa mga mag-aaral, binigyan sila ng sapat na kaalaman hinggil sa karapatan at kakayahan ng bawat kasarian. Nakita nila na ang mga karapatan ng kalalakihan, tulad ng edukasyon, ay dapat ding ipagkaloob sa kababaihan, at hindi natatapos ang kanilang kakayahan sa loob ng tahanan.

***Implikasyong Emosyonal* - s**a emosyonal na aspeto, ang teleserye ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kabataan tungkol sa hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian noong nakaraan. Nakita ng mga respondente ang takot at pagkadismaya ni Maria Clara, ngunit sa huli ay nagkaroon siya ng lakas ng loob na ipaglaban ang kanyang mga karapatan. Ang pagkakaiba ng mga tauhan nina Maria Clara at Klay ay nagbigay diin sa pagtanggap at pagkilala sa iba't ibang pananaw sa buhay.

***Implikasyong Moral -*** Ayon sa mga mag-aaral, ang teleserye ay nagturo ng moral na ang tamang pagtrato sa bawat kasarian ay ang pantay-pantay na respeto at karapatan. Pinapakita ng mga tauhan tulad ni Klay at Ibarra ang tamang representasyon ng kasalukuyang henerasyon, kung saan ang kababaihan ay may kakayahan at karapatang makipagsabayan sa mga lalaki sa mga aspeto ng buhay, samantalang ang kalalakihan ay nagpapakita ng respeto at pagkakapantay-pantay sa kanilang pananaw sa buhay.

***Implikasyong Sosyal -*** Sa mga kabataan, ang teleserye ay nagsilbing isang makabagong modelo ng pagtanggap sa pantay na gampanin ng bawat kasarian sa lipunan. Naniniwala ang mga kabataan na ang mga kasarian ay dapat may pantay-pantay na oportunidad at gampanin sa lahat ng aspeto ng buhay, mula sa trabaho hanggang sa edukasyon. Ayon sa mga mag-aaral, hindi na dapat ituring ang mga gampaning pangkasarian bilang isang hadlang sa mga indibidwal, kundi bilang isang pagkakataon upang ipakita ang pagkakapantay-pantay at respeto sa isa't isa. Ang mga kabataan ay nagsusulong ng makabagong pananaw na ang bawat isa ay may kalayaang magpahayag at magtakda ng kanilang landas sa buhay, anuman ang kanilang kasarian.

Ipinakita ng teleseryeng **Maria Clara at Ibarra** ang malalim na epekto ng seksismo at ang makatarungang pagtrato sa bawat kasarian sa pananaw ng mga kabataan. Ang teleserye ay nagsilbing salamin ng mga ideyal ng pagkakapantay-pantay at nagpapaalala ng mga isyu na patuloy na may epekto sa kasalukuyang lipunan.

### *4.1 Implikasyon sa mga Mag-aaral*

Ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay may positibong impluwensiya sa kaisipan, emosyon, moralidad, at pakikitungo sa lipunan ng mga kabataang Pilipino. Sa aspetong mental, naipakilala nito sa mga mag-aaral ang konsepto ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at ang karapatan ng kababaihan sa edukasyon at lipunang dati ay kalakhan lamang para sa kalalakihan. Nagsilbi itong sandigan upang magkaroon sila ng malawak na kaalaman at bagong pananaw ukol sa papel ng kababaihan sa kasalukuyan. Sa emosyonal na dimensyon, napanood ng mga mag-aaral ang emosyonal na pakikibaka ng mga tauhang gaya ni Maria Clara, at kung paanong nagkaroon ito ng inspirasyon sa kanila upang mas kilalanin ang kanilang sariling lakas sa kabila ng diskriminasyon. Sa pamamagitan ng kontrast ng mga karakter, natuto ang mga mag-aaral ng pagtanggap at pag-unawa sa iba't ibang pananaw. Moralidad naman ang lalong tumibay sa pamamagitan ng aral ng teleserye na ang tamang pagtrato sa kapwa, anuman ang kasarian, ay nararapat na may pagkakapantay-pantay at respeto. Ito ay nagbibigay ng gabay sa mga mag-aaral sa tamang pamumuhay at pakikitungo sa kapwa sa makabagong lipunan. Sa panlipunang konteksto, hinubog ng teleserye ang mga kabataan upang maging aktibo sa pagsusulong ng makatarungan at pantay-pantay na lipunan. Naging bukas sila sa ideya na ang kasarian ay hindi hadlang sa tagumpay at

karapatang pantao, kundi bahagi ng isang progresibong identidad na dapat yakapin at igalang.

*4.2 Implikasyon sa mga Guro*

Para sa mga guro, ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay maaaring gamiting pantulong na materyal sa pagtuturo ng mga konsepto hinggil sa kasarian, panitikan, at kasaysayan. Ito ay nagsisilbing makabuluhang midyum ng diskurso na maaaring gamitin upang talakayin ang mga kontemporaryong isyu gaya ng seksismo at gender equality, sa pamamagitan ng kontekstong historikal at panitikan. Bukod dito, ang teleserye ay maaaring magsilbing simulain ng mas makabuluhang pagtalakay sa mga asignatura gaya ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP), kung saan maipapasok ang kritikal na pagsusuri sa karakter, banghay, at kontekstong pangkasarian. Higit sa lahat, nagbibigay ito sa mga guro ng mas malawak na pananaw sa paghubog ng sensibilidad sa gender sa loob ng silid-aralan. Nagiging hamon ito sa mga guro na isama sa kanilang pedagohiya ang gender-sensitive na pagtuturo, upang mas mailapit ang mga estudyante sa mga reyalidad ng lipunan habang hinuhubog ang makatao at makatarungang pananaw.

*4.3 Lagom*

Ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa direksyon ni Zig Dulay, na may kabuuang 105 episodyo na hinango sa dalawang mahalagang akda ni Dr. Jose Rizal—*Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*—ay nagsilbing daluyan ng masining na pagsasakatawan ng mga kontemporaneong isyung panlipunan, partikular ang seksismo. Sa pamamagitan ng karakter ni Klay, isang kabataang babae mula sa kasalukuyan na biglang napadpad sa kolonyal na panahon, nailantad ang banggaan ng makaluma at makabago—isang malinaw na halimbawa ng tinatawag ni Gadamer na *fusion of horizons* (*Verschmelzung der Horizonte*).

Sa teoryang Phenomenological Hermeneutics ni Gadamer, binibigyang-diin ang pakikibahagi ng mambabasa (o sa kasong ito, ng manonood) sa proseso ng pag-unawa batay sa kanilang sariling konteksto at karanasan. Ang teleserye ay nagsilbing *tekstong kultural* na muling binasa at binigyang-kahulugan ng kabataang Pilipino, gamit ang kanilang makabagong pananaw hinggil sa gender equality. Sa ganitong paraan, ang karanasan ng mga kabataan ay hindi lamang basta tumanggap ng nilalaman, kundi aktibong nakibahagi sa pagbibigay-kahulugan dito—isang sentral na ideya sa hermeneutika ni Gadamer.

Sa pagsusuri ng 15 piling eksenang may temang seksismo, natukoy na 10 tauhan ang nagpapakita ng diskriminasyong pangkasarian. Karamihan sa mga eksenang ito ay wala sa orihinal na nobela, na nagpapatunay sa sinasabi ni Gadamer na *ang pag-unawa ay laging naka-ugat sa kasaysayan* at na ang teksto ay hindi naiwang nakatali sa nakaraan. Sa halip, ito ay muling nabubuhay at nagkakaroon ng bagong kabuluhan sa bawat interaksyon nito sa kasalukuyang tagatanggap.

Mula sa mga panayam sa piling mag-aaral ng Kolehiyo ng Edukasyon, lumitaw ang mga sumusunod na implikasyon ng teleserye sa kabataang Pilipino:

- **Mental** – Ipinapakita ng kanilang interpretasyon na nabuksan ang kanilang isipan sa mga isyung pangkasarian, na taliwas sa tradisyunal na pananaw ng mga karakter sa teleserye. Dito makikita ang *paglaganap ng bagong horizon* na naimpluwensyahan ng kasalukuyang diskurso sa gender sensitivity.
- **Emosyonal** – Ang mga damdaming inihayag ng kabataan ay nagpapakita ng malalim na *pagtanggap at pakikiisa* sa mga tauhang lumalaban sa hindi pagkakapantay-pantay, na isa sa mga bunga ng *historically-effected consciousness* ni Gadamer—ang ideya na ang ating pagkaunawa ay produkto ng ating kasaysayan.
- **Moral** – Ang interpretasyong moral ay nagpapahiwatig na nais ng kabataan ang isang lipunang may pagkakapantay-pantay, na hindi eksklusibo sa kababaihan o kalalakihan. Ang ganitong pananaw ay

bahagi ng *pagpapalawak ng horizon*, isang kaisipan ni Gadamer na nangyayari tuwing tayo ay nakikibahagi sa dayalogo sa pagitan ng teksto at sariling karanasan.

- **Sosyal** – Ang teleserye ay nagsilbing *hermeneutical experience* kung saan binago ng kabataan ang kanilang pananaw sa mga tungkulin ng kasarian sa lipunan. Sa pamamagitan ng naratibo ni Klay, na kinatawan ng modernong kabataang Pilipino, naipahayag ang malay-tao at kritikal na pag-unawa sa mga panlipunang konstruksyon na sumupil sa kababaihan sa kasaysayan.

Ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* ay naging isang mahalagang salamin ng kasalukuyang kaisipan at karanasan ng kabataang Pilipino ukol sa seksismo. Gamit ang lente ng Phenomenological Hermeneutics ni Gadamer, naipakita kung paanong ang isang kontemporaneong anyo ng media ay maaaring magsilbing daluyan ng dayalogo sa pagitan ng kasaysayan at kasalukuyan, ng teksto at tagatanggap, tungo sa mas malalim na pag-unawa at pagbabagong panlipunan.

## 5. Konklusyon

Sa kabuuan, ang teleseryeng "Maria Clara at Ibarra," na isang adaptasyon ng nobelang "Noli Me Tangere," ay hindi lamang nagbigay-diin sa romansa at intriga sa pamahalaan. Higit pa rito, naging makabuluhan itong plataporma sa paglalahad ng mga isyung panlipunan, partikular na ang seksismo. Batay sa masusing pagsusuri ng labinlimang (15) piling eksena, natukoy na ang mga karakter nina Tiya Isabel at Fidel Delos Reyes ang pangunahing nagpakita ng mga pag-uugali at pananaw na seksista. Ang pagdaragdag ng mga bagong tauhan at pangyayari sa teleserye ay nagpalakas pa sa representasyon ng seksismo kumpara sa orihinal na nobela.

Sa perspektiba ng Teoryang Phenomenological Hermeneutics, ang teleseryeng ito ay nagbukas ng isang mahalagang espasyo para sa interpretasyon ng karanasan ng seksismo sa konteksto ng lipunang Pilipino noon at ngayon. Ang **phenomenological** na aspeto ay nahihinuha sa paglalarawan ng kongkretong manipestasyon ng seksismo sa pamamagitan ng mga karakter at kanilang interaksyon, na nagpapakita kung paano ito isinasabuhay.

Ang **hermeneutical** na dimensyon naman ay nag-uudyok sa manonood na aktibong magbigay-kahulugan sa mga ipinapakitang sitwasyon. Ang mga karagdagang karakter at eksena ay nagpayaman sa posibilidad ng pag-unawa at pagmumuni-muni sa iba't ibang anyo ng seksismo. Inaasahan nitong mahihimok ang kabataang Pilipino na suriin ang kanilang sariling mga pananaw at pag-uugali, at magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyung panlipunan tulad ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Bilang pagtatapos, ang teleseryeng "Maria Clara at Ibarra" ay hindi lamang isang paggunita sa kasaysayan kundi isang mabisang instrumento sa pagtataguyod ng positibong implikasyon sa mental, emosyonal, moral, at sosyal na pag-unlad ng kabataang Pilipino. Sa pamamagitan ng paglalantad sa seksismo, naglalayon itong magtulak ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at magpaunlad ng kritikal na pag-iisip hinggil sa mga suliraning panlipunan. Ang teleserye, sa pamamagitan ng adaptasyon at pagpapalawak nito, ay nagiging isang mahalagang teksto sa pag-unawa sa patuloy na presensya at iba't ibang anyo ng seksismo sa ating lipunan.

### *5.1 Rekomendasyon*

- Ipagpatuloy ng mga susunod na mananaliksik ang pagsusuri ng kasunod na yugto ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*, na nakabatay sa *El Filibusterismo*, hindi lamang sa lente ng seksismo, kundi pati na rin sa iba pang mga teorya na maaaring magbigay ng mas malalim na pananaw sa implikasyon nito sa panitikan at sa patuloy na pag-unlad ng kaalaman.

- Hikayatin ang mga guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino sa sekondarya na gamitin ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa kanilang mga klase, dahil ito ay naglalaman ng mga kinagawian, paniniwala, at kaugalian na mahalaga sa ating kasaysayan, na naipapakita ng mga tauhan sa teleserye.

- Gamitin ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere* sa mga mag-aaral sa sekondarya, ngunit may gabay at patnubay mula sa guro, dahil may mga karakter at eksenang wala sa orihinal na nobela na maaaring magbigay ng karagdagang konteksto sa mga mag-aaral.

- Linangin ang teleserye sa iba pang mga asignatura tulad ng Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao, hindi lamang bilang isang pagtalakay ng kultura, kundi bilang isang makapagbibigay ng pag-unawa sa kasaysayan at magagandang asal na ipinasa-pasa mula sa mga henerasyon.

- Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, makabuo ng mga mananaliksik ng isang educational video-podcast na maaaring magamit ng mga guro bilang kagamitan sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*, pati na rin ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa seksismo at mga isyung pangkasarian.

## 6. Mga Sanggunian

Abrigondo, D. J., Blanco, A. C., & Padin, J. L. (2013). Ang mga kababaihan sa mga piling larangan ng lipunan: Isang dokumentaryo. Academia.edu. Retrieved February 26, 2020, from https://www.academia.edu/28929683

Academia.edu. (2013). Ang mga kababaihan sa mga piling larangan ng lipunan. https://www.academia.edu/28929683

Academia.edu. (n.d.). Piling pelikulang Pilipino. https://www.academia.edu/44451735

Agoncillo, J. (2011). Ang babae noon sa modernong panahon. Scribd. https://www.scribd.com/document/446966750/Ang-Babae-Noon-sa-Modernong-Panahon

Animo Repository. (n.d.). Bachelor’s theses. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/14945/

Animo Repository. (n.d.). Doctoral dissertations. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/486

Aranda, M. R. R. (2014). Impluwensiya ng panonood ng mga teleserye sa indibidwal (p. 5). Academia.edu.

Atienza, J. A. (2022). Isang panimulang pag-aaral sa pelikulang historikal ng Sineng Pilipino. TALA: An Online Journal of History, 5(1). http://www.talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/84

Avila, E. C., & Lavadia, M. K. S. (2019). Investigation of the acceptability and effectiveness of academic podcasts to college students' scholastic performance in science. Indian Journal of Science and Technology, 12(34), 1–8.

Baquing, J. M. (2023). Isang pagsasalin at pagsusuri sa mga piling maikling kuwento [Unpublished manuscript].

Bible Gateway. (n.d.). 1 Corinto 14:34. https://www.biblegateway.com/verse/tl/1%20Corinto%2014%3A34

De Guzman, K. B., et al. (2023). Ang podcast bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa pribadong paaralan. Philippine Normal University. https://www.researchgate.net/publication/371041623

Delve Tool. (n.d.). Phenomenological research overview. https://delvetool.com/blog/phenomenology

Elumbre. (2014). Kasaysayang buhay; pananaw, pamamaraan, pananaliksik. Philippine Saliksik E-Journal, 5(2), 9, 11.

Endaya, F. P., Ferrera, R. F., & Lago, F. O. (2012). The social perception of married couples on the concept of gender in the Philippines. [Unpublished research].

Espejo, R. V., & De Vera, M. R. (2020). Ang teleserye ng totoong buhay at ang buhay ng totoong teleserye: Pagsipat sa gahum ng kababaihan sa teleseryeng Wild Flower. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/nueva-ecija-university-of-science-and-technology/dalumat-ngsa-filipino/ang-teleserye-ng-totoong-buhay-at-ang-buhay-ng-totoong-teleserye/76922012

Espejo, R. V., & De Vera, M. R. (2020). Ang teleserye ng totoong buhay at ang buhay ng totoong teleserye: Pagsipat sa gahum ng kababaihan sa teleseryeng Wild Flower. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/nueva-ecija-university-of-science-and-technology/dalumat-ngsa-filipino/ang-teleserye-ng-totoong-buhay-at-ang-buhay-ng-totoong-teleserye/76922012

Godsey, M. (2024). The benefits of using podcasts in the classroom. Common Sense Education. https://www.readingrockets.org/topics/comprehension/articles/benefits-using-podcasts-classroom

Google Knowledge Panel. (n.d.). https://g.co/kgs/MnYbQYt

Holmes, R., & Mananzan, M. (2021). Kapangyarihan ng kababaihan, simbolo ng katatagan: Talakayan ukol sa

karapatan ng kababaihan sa pagboto. Ang Pahayagang Plaridel. https://www.plaridel.ph/index.php/2021/03/31/kapangyarihan-ng-kababaihan-simbolo-ng-katatagan

Javar, R. C. (2016). Kasaysayang buhay; pananaw, pamamaraan, pananaliksik. Philippine Saliksik E-Journal, 5(2), 2–37.

Javar, R. C. (2016). Pambungad. Philippine Saliksik E-Journal, 5(2). https://ejournals.ph/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.%205%20No.%202%20(2016)%2FP%2F04%20Pambungad-Javar.pdf

Joangopo Blog. (2017, November). https://joangopo.blogspot.com/2017/11/

Jose, M. D. (2018). Kababaihan sa kasaysayang pampook, pananaw, paksain, pamamaraan. Philippine Saliksik E-Journal, 7(1), 29–30.

Lapuz, N. (2017). Ganting galaw sa mga teoryang pampanitikan [Unpublished manuscript].

Ligaya, J. (2012). 16th century hair and hair care in pre-colonial Philippines. Pinoy Culture. https://pinoy-culture.tumblr.com/post/45370852526

Liwanag, L. (2016). Kritike: An Online Journal of Philosophy, 10(1), 54–82. https://www.academia.edu

Macawili, R. (2020). Katawang babae at ang imahenaryo ng nasyon. TALA: An Online Journal of History, 3(1). http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/40/40

Maturan, L. M., Bonifacio, M. A., & Lubuguin, R. A. (2021). Maginoo kahit pa niloko? Pagbibigay-kahulugan ng mga lalaki sa pangangaliwa ng kanilang ka-relasyon. https://www.researchgate.net/publication/357051912

Misa, R. P. (n.d.). Piling pelikulang Pilipino: Kasangkapan sa paglalahad ng kasaysayan ng bayan (pp. 1–2). Academia.edu.

Ocampo, A. L. (2016). Perpormatibong kasarian: Ang tauhan ng baysekwal at lesbian na mapanood sa The Rich Man's Daughter. [Unpublished study].

Orzel, A. (2020). Ang pagbibigay kapangyarihan sa mga kababaihan sa mga pamayanan na hindi nakakulungan. Society for Canadian Women and Society. https://scwist.ca/tl/empowering-women-in-underserved-communities/

Palmes, D. (2016). Mga tabas at disenyo ng pagpapasiya ng mga tauhang babae sa walong piling premiyadong nobelang Filipino ng GEL3 Power mula Pamantasang De La Salle (Doctoral dissertation, Pamantasang De La Salle).

Pasion, M. N., et al. (2023). It takes a man... and a woman!: Lived experiences of Generation Z babaeng manliligaw. Gender, Human, Development, and the Individual. De La Salle University - Laguna.

Perez, L. N., Tabong, Y. N., & Velasquez, N. N. (2016). Impluwensiya ng panonood ng mga teleserye sa indibidwal (pp. 5–6). Academia.edu.

Plaridel. (2021). Kapangyarihan ng kababaihan, simbolo ng katatagan. https://www.plaridel.ph/index.php/2021/03/31/kapangyarihan-ng-kababaihan-simbolo-ng-katatagan-talakayan-ukol-sa-karapatan-ng-kababaihan-sa-pagboto-tinalakay-ng-usg-ovpea/

Quito, E. (2010). Ang pilosopiya: Batayan ng pambansang kultura. Manila: De La Salle University.

Reading Rockets. (n.d.). The benefits of using podcasts in the classroom. https://www.readingrockets.org/topics/comprehension/articles/benefits-using-podcasts-classroom

Reichenbach, L., & Brown, H. (2004). Gender and academic medicine: Impacts on the health workforce. British Medical Journal, 329(7469), 792–795. https://doi.org/10.1136/bmj.329.7469.792

ResearchGate. (2023). Ang podcast bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa pribadong paaralan. https://www.researchgate.net/publication/371041623

ResearchGate. (n.d.). Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito. https://www.researchgate.net/publication/318095968

ResearchGate. (n.d.). Maginoo Kahit Pa Niloko. https://www.researchgate.net/publication/357051912

Rosenberger, S. (2014). The relation equation (p. 60). Wipf and Stock. ISBN 9781498202671

Sanchez. (2020). Teleserye at kontemporanidad. Archīum Ateneo. https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1122&context=english-faculty-pubs

Santiago, L. (1996). Ang pinagmumulan ng kaisipang feminista sa Pilipinas. UP Journals, 153.

Scribd. (n.d.). Pagkakapantay-ap docx. https://www.scribd.com/document/450848486

SCWIST. (n.d.). Empowering women in underserved communities. https://scwist.ca/tl/empowering-women-in-underserved-communities/

Strong, R. (2022). How to recognize and address sexism—and when to get support. Healthline Media. https://www.healthline.com/health/social-media-and-body-image

Subero, G. (2016). Gender and sexuality in Latin American horror cinema: Embodiments of evil. United Kingdom: Palgrave Macmillan.

TALA: An Online Journal of History. (n.d.). http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/84

Tan, P. A. (2020). Pagkakapantay-pantay ng kasarian [Unpublished manuscript]. https://www.scribd.com/document/450848486

Tugano, A. C. J., & Sajor-Tugano, J. F. I. R. (2022). Hanapin ang hiwaga: Labintatlong alegorikal na interpretasyon sa Netflix animated series na Trese. Kawíng, 6(1), 53–88. University of the Philippines Los Baños & University of the Philippines Diliman.

Tyler, M., et al. (2024). The Man Box 2024: Re-examining what it means to be a man in Australia. https://jss.org.au/programs/research/the-man-box/

UP Journals. (n.d.). RWS. https://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/download/3111/2928/

Villanueva, L. B. (2022). Biag Ni Lam-Ang: An Ilokano epic analysis and its implication to Ilokano folk literature and Philippine education development [Undergraduate thesis].

Yancovitz, J. A. (2019). Princess Urduja, warrior queen of Pangasinan.

Zafra, R. G. (2016). Kokusai Kekkon: Isang pag-aaral sa buhay at danas ng mga piling Firipina Tsuma ng Batis Aware, Inc. (PhD dissertation, Pamantasang De La Salle).